JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Eksaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zeal of Partnership
Zest for Progress

5

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 8
## Pagsusulat ng Iskrip para sa Radio Broadcasting o Teleradyo at Pagpipili ng Angkop na Aklat Batay sa Interes



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rubie A. Abenes
Anthony M. Tormis
**Editor:** Annabelle A. Pasko
**Tagasuri sa Distrito:** Annabelle A. Pasko
**Tagasuri sa Dibisyon:** Rizalyn II P. Camado
**Tagapagpamahala:**
Majarani M. Jacinto, EdD., CESO VI – Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD., CESE– Asst. Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde, EdD. – Asst. Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD. – Chief Education Supervisor, CID
Ernesto F. Tardo,EdD. – Chief Education supervisor, SGOD
Josephine L. Tomboc, EdD. – Education Program Supervisor - Filipino
Romeo G. Magallanes – Public Schools District Supervisor
Florencio R. Caballero,DTE - Education Program Supervisor, LRMDC



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagsulat ng iskrip para sa radio broadcasting o teleradyo at ang pagpili ng angkop na aklat batay sa interes.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakasusulat ng iskrip para sa radio broadcasting at teleradyo. (**F5PU-IVc-i-2.12**)
- Nakapipili ng angkop na aklat batay sa interes; (**F5EP-IVj-12**)



# Balikan

Basahin at ikahon ang maling pagkakasulat ng balita at isaayos ito. Isulat at gumamit ng malinis na papel para sa iyong gawa.

| isang super bagyo ang papalapit na sa pilipinas tumakbo ito sa bilis na 200 km bawat oras<br><br>malakas ang alon para sa manlalakbay at mangingisda. Pinag-iingat ang lahat. gawin ang mga kinakailangang paghahanda. |
|---|

RUBRIK SA PAGSUNOD NG IPAPAGAWA

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Anyo:<br>Pagsunod sa uri/anyong hinihingi o ipinasusulat | | | | | |
| Balarila:<br>Naisulat sa malaking titik ang pangngalang pantangi | | | | | |
| Hikayat:<br>Pagsunod sa tiyak na panutong ibinigay ng guro kaugnay ng Gawain | | | | | |

5 – Pinakamahusay
4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap
2 – Mapaghuhusay pa
1 _ Nangangailangan pa ng mga pantulong ng pagsasanay



# Tuklasin

Ano ang nakikita mo sa larawan?



Image Source: shorturl.at/grzF5

Ito ay isang lugar na matatagpuan sa Ilocos Sur. Tinaguriang "best preserved Spanish Colonial town" at kapag ito ay nilalakbay mo ay para ka ring naglalakbay sa panahon ng sinakop ng mga Kastila ang Pilipinas.

**Gawain A**

*Sagutin mo*: Alam mo ba ang lugar na ito?

1. Ang lugar na ito ay ______________________.

Ang buong kuwento sa lugar na ito ay mababasa at makikita mo sa napili mong aklat batay sa iyong interes. Ito ay nasa Batayang Aklat, Alab Filipino 5.

*Sagutin mo*: Gusto mo ba o may interes ka bang malaman ang buong kuwento sa lugar na ito?

2. Kapag gusto mo ang kuwentong ito ay iguhit mo ang hugis puso sa loob ng kahon.

**Gawain B**

Hanapin sa ***Hanay B*** ang nagpakilala sa mga larawan na nasa ***Hanay A***. Isulat ang iyong sagot sa may patlang sa tapat ng larawan.

**Hanay A**

1.______



Image source: shorturl.at/nozTW

2.____


Image source: shorturl.at/nozTW

3.______


Image source: shorturl.at/nozTW

**Hanay B**

A. Makikita sa silangang bahagi ng Katedral at dito nakalagay ang mga kagamitang pangrelihiyon at mga materyales sa paggawa ng bahay.

B. Ipinatayo ng mga prayleng Agostino at nakumpleto noong 1790.

C. Nagsilbing punong-himpilan ni Heneral Emilio Aguinaldo noong 1889.



# Suriin

Ang **iskrip para sa broadcasting at teleradyo** ay manuskrito ng gagawin ng isang announcer o tagapagbalita sa isang programa sa radio, ito man ay berbal o di-berbal na kilos.

Ang mga berbal na kilos o aksiyon ay iyong may kaugnayan sa pagkilos, sa pagsasalita samantalang ang di-berbal na kilos o aksiyon ay nakatuon sa kilos o galaw ng katawan at mga bahagi nito. Ilan sa mga di-berbal na galaw ay ang pagtango sa halip na sabihing sang-ayon o kaya'y pag-iling bilang di-pagsang-ayon. Nariyan din ang tono ng boses, iba-ibang ekspresyon ng mukha gaya ng pagkunot ng noo, pagkindat, pagtaas ng kilay o mga kilay, pag-thumb's up, at iba pang kilos ng katawan.

Ang iskrip ay nagsasabi kung ano ang gagawin , ano ang sasabihin, kailan at paano sasabihin.

**Kahalagahan ng Iskrip Para sa Radio Broadcasting o Teleradyo**

1. Tiyakin ang kawastuan ng impormasyong ibabahagi
2. Tiyakin ang tuloy-tuloy na daloy ng programa at walang antala
3. Magamit nang higit ang airtime o pagsasahimpapawid ng programa

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Iskrip Para sa Radio Broadcasting o Teleradyo**

1. Kumuha ng malinaw na instruksiyon o tagubilin at alamin kung sino ang mga tagapakinig
2. Magsaliksik tungkol sa paksa
3. Ihanda ang balangkas o content outline
4. Isulat ang unang borador (draft)
5. Basahin ito nang malakas. Orasan din ito.

6. I-visualize ang iskrip
7. Rebyuhin ang iskrip
8. Rebisahin ang estilo at iwasto ang iskrip.

Kung gagawing iskrip na panradyo ang binasang tekstong pang-impormasyon, ganito ang magiging anyo nito:

**TAGAPAGBALITA:**

Magandang umaga po sa lahat ng ating tagapakinig ng ating programa sa radio. Narito po ako ngayon sa lalawigan ng Albay upang iulat ang mga pinakasariwang balita kaugnay ng pag-aalburoto ng Bulkang Mayon.

Ayon sa PHIVOLCS, maituturing na kritikal ang sitwasyon sa Bulkang Mayon na pinaniniwalaang hinog na sa pagsabog. Nitong sabado na ang ika-20 araw simula nang iakyat ng PHIVOLCS sa *Alert Level 3* ang babala sa bulkan.

Ayon sa gobernador ng lalawigan ng Albay, may 20% na lamang umanong tsansa na bumaba ang alert level ng bulkan kaya't pinaghahandaan na nila ang *Alert Level 4.*

Tinukoy ng Albay Local Government Unit (LGU) ang mga mamamayang ililikas sakaling iakyat ng PHIVOLCS sa *Level 4* ang babala.

Ano ang iyong napansin? Tama. Nakasaad sa iskrip ang sasabihin ng tagapagbalita o tagapagsalita. Ito ay naglalaman ng mga sasabihin ng isang tagapagbalita sa radio.



# Pagyamanin

**Vigan, Isa sa mga Pinakamagandang Siyudad sa Mundo**

Nakarating ka na ba sa Lungsod Vigan sa Ilocos Sur? Kung hindi pa, isa na ito sa mga siyudad na kailangan mong mapuntahan balang araw. Opisyal na itong naideklara bilang isa sa "Seven Most Wonderful Cities of the World."

Matapos mabilang ang mahigit sa 100 milyong *online vote*, opisyal na ipinahayag ni Bernard Weber, tagapagtatag at pangulo ng *New 7 Wonders Foundation* ang resulta ng kanilang kampanya para sa "*Seven Wonder Cities.*"

Kinilala ang Lungsod Vigan dahil sa makasaysayang mga bahay at gusaling pinagplanuhan, idinisenyo, at itinayo na may impluwensiyang Asyano, Europeo, at Latino Amerikano. At ito ay lubusang naalagaan ng mga mamamayan mula pa noong ika-16 na Siglo. Tanging Vigan lamang ang pinakaiingatang halimbawa ng *Spanish colonial town* sa Pilipinas at sa buong Silangang Asya at Timog-silangang Asya.

Bukod sa pagkilalang ipinagkaloob ng *New 7 Wonders Foundation,* noong 1999 ay idineklara ang Vigan bilang isang *World Heritage Site ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (*UNESCO) dahil sa mahalagang naging ambag nito sa kasaysayan ng Pilipinas.

Makikita sa Vigan ang malalim na bakas ng Pananakop ng mga Espanyol. Taglay ng lungsod ang mga liwasan, kalesa, sinaunang simbahan, museo, at ang mga sinaunang bahay.

Tila bumalik ka sa nakalipas kapag ikaw ay makapamasyal sa Lungsod Vigan lalo na kapag nasa Kalye Mena Crisologo ka. Ang Kalye Mena Crisologo ay kilala sa mga kalsadang gawa sa *cobblestone,* mga lumang bahay na may disenyo pa noong panahon ng mga Espanyol, at mga kalesa. Ipinangalan ang kalyeng ito sa iginagalang na manunulat noong panahon na iyon na si Mena Pecson Crisologo. Humigit-kumulang sa 150 bahay na bato ang makikita sa Kalye Mena Crisologo.

Ito lamang ang mga bahay na bato na nakatatagal sa lindol at bagyo na madalas dumaan sa rehiyon ng Ilocos. Yari sa Tisa ang mga bubong nito at kahoy naman ang sahig at ikalawang palapag.

Dahil walang mga sasakyang dumaraan dito,maliban sa mga kalesa na pangunahing transportasyon noong panahon ng mga Espanyol, masisiyahan ka nang lubos sa iyong pagmamasid sa mga bahay na naririto na ginawang museo, kainan, *souvenir shops* ang ilan. Sa katahimikan ng gabi at sa liwanag na dulot ng ilaw sa mga lampara, lalo mong hahangaan ang Kalye Mena Crisologo.

Marami ding pamanang arkitektural na makikita sa Vigan. Narito ang maringal na St. Paul Metropolitan Cathedral na ipinatayo ng mga prayleng Agostino, ang Ayutamiento Municipal, Casa Real (Provincial Administrative Building) na may disenyong American Colonial, Colegio de Niñas - ang unang

paaralan para sa mga batang babae sa hilagang Luzon, Palasyo ng Arsobispo sa Plaza Burgos.

Pasyalan din ng marami – local man o dayuhan ang Museo Nueva Segovia na nasa loob ng Palasyo ng Arsobispo. May koleksiyon ang museo ng mga mamahaling antigong kagamitang pansimbahan at relikya mula sa iba't ibang simbahan sa Ilocos. Dinarayo rin ang Museo at Aklatang Padre Jose Burgos, Museo San Pablo, Museo Crisologo, Museo Quirino, Aklatang Panlalawigan ng Ilocos Sur, Aklatang Vigan, at Aklatang PIA.

Ang Museo Crisologo ay nasa pangangasiwa ng Pambansang Aklatan (National Museum).Nag-iingat ang museo ng mga memorabilia ng naging kongresistang si Floro Crisologo gayundin ng mga orihinal na kagamitang dating nakikita sa mga Bahay Vigan.

Sa Museo Quirino naman makikita ang mga muwebles at iba pang kasangkapan mula pa ika-19 na siglo. Naririto rin ang mga memorabilia ni Pangulong Elpidio Quirino.

Ang Lungsod Vigan ay matatagpuan sa hilagang-kanluran ng lalawigan ng Ilocos Sur. Ito ay napalilibutan ng mga bayan ng Bantay sa hilaga, Santa sa silangan, Caoayan sa timog, at Sta. Catalina naman sa kanluran.

Galing sa salitang kabiga-an ang pangalang Vigan, na tumutukoy sa halamang biga na dating tumutubo sa pampang ng Ilog Mestizo. Nang dumating ang mga dayuhang Espanyol noong ika-15 siglo, tinawag nilang Biga ang lugar ng Vigan. Inakala nilang ito ang pangalan ng pook nang marinig nila ito sa mga katutubo. Pagtagal, naging Vigan ang pangalang Biga.

Bago pa man magkaroon ng Kalakalang Galyon noong 1565, maunlad na ang kalakalan sa Vigan. Nakikipagkalakalan na ang mga katutubo sa mga mangangalakal na Tsino. Noong Hunyo 12, 1572, sinakop ni Juan Salcedo ang Vigan. Nakilala rin ang Vigan sa pangalang Villa Fernandina.

Naging isang ganap na lungsod ang Vigan noong 2001.

Source: Agarado, Patricia Jo C, Maricar L. Francia, Perfecto R. Guerrero III, Genaro R Gojo Cruz, et. Al. Batayang Aklat-Alab Filipino 5, Quezon City,Vibal Group, Inc. 2016, 978-971-07-3886-1.

**Gawain A**

Basahin ang bawat pangungusap sa loob ng kahon at isulat ang numero 1 – 4 sa patlang upang mabuo ang magkakasunod-sunod na detalye ng iskrip.

______ Naging isang ganap na Lungsod ang Vigan noong 2001.

______Kinikilala ang Lungsod Vigan dahil sa makasaysayang mga bahay at mga gusaling pinagplanuhang desinyo.

______ Opisyal na itong naideklara bilang isa sa " Seven Most Wonderful Cities of the world."

______ Ang Lungsod Vigan ay matatagpuan sa hilagang-kanluran ng lalawigan ng Ilocos Sur.

**Gawain B**

Tingnan ang iyong sagot sa Gawain A. Ayusin sa wastong pagkakasulat ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga detalye o pangungusap na nasa loob ng kahon sa ibaba upang makabuo ka ng iskrip para sa radio broadcasting o teleradyo.

| |
|---|
| Tagapagbalita:________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ |



# Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa **pagsulat ng iskrip para sa radio broadcasting o teleradyo** ay:

- Nangangailangan ng tagapagbalita o tagasalita
- Ang isusulat na iskrip ay dapat malinaw at madaling maintindihan
- Gumamit ng mga salitang madaling maunawaan
- Gawing maikli at simple ang balita ngunit naglalaman ng mahalagang impormasyon
- Iwasang haluan ng personal opinyon ang ibabalita
- Isulat ang iskrip sa tamang pormat upang madaling basahin.

Ang **pagpipili ng angkop na aklat batay sa interes** ay makatutulong ng isang mag-aaral para maging gabay sa iba- ibang paraan ng pagsusulat, makakahanap ng paraan upang mailalahad ng mabisa ang isang paksa.



# Tayahin

Pumili ng isang larawan sa ibaba at pagkatapos ay bumuo ng iskrip para sa radio broadcasting o teleradyo.

A.




Image Source: shorturl.at/awBH7

B.



Image source: shorturl.at/dhETU

C.





Image source: shorturl.at/fCWY5

D.




Image Source: shorturl.at/iLMR3

Tagapagbalita: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



# Karagdagang Gawain

Bumuo ng sariling iskrip para sa radio broadcasting o teleradyo. Pumili lang nang isang isyu o paksang pangyayari na nkalahad sa ibaba. Isulat ang iskrip sa papel.

1. Programang ginagampanan nga mga Kabataan
2. Pagpapahalaga ng Edukasyon panahon ng pandemya o COVID-19
3. Kalagayan ng mga mag-aaral gamit ang modyul.
4. Pagtaas o pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.
5. Pagbabakuna o Vaccine para sa COVID-19, Inihanda na!
6.

**RUBRIK SA PAGSULAT NG ISKRIP PARA SA BROADCASTING**

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman:<br>Pagsunod sa mga hakbang sa pagsulat ng iskrip para sa Radio broadcasting o Teleradyo<br>Lawak at lalim ng pagtatalakay | | | | | |
| Balarila:<br>Wastong gamit ng salita/wika<br>Wastong bantas, pagkakasulat o estruktura ng mga pangungusap | | | | | |
| Organisasyon:<br>Pagkakaugnay ng mga ideya<br>Lohikal na pagkakaayos o daloy ng ideya | | | | | |

5 – Pinakamahusay
4 – Mahusay
3 – Katanggap-tanggap
2 – Mapaghuhusay pa
1 – Nangangailan pa ng mga Pantulong na pagsasanay



# Susi ng Pagwawasto

**PAGYAMANIN**

A. 1.4
2.2
3.1
4.3

B. Depende sa pagkakaayos ng mag-aaral.

**TUKLASIN:**

A. 1. Vigan City

B. 2. Hugis puso (ginuhit)

1. C
2. B
3. A

**BALIKAN:**

Isang Super Bagyo ang papalapit na sa Pilipinas.

Tumatakbo ito sa bilis na 200 kilometro bawat oras.

Malakas ang alon para sa manlalakbay at mangingisda. Pinag-iingat ang lahat.

Gawin ang
Mga kinakailangang paghahanda.

**KARAGDAGANG GAWAIN:**

Iba-iba ang maaring sagot ng mga mag-aaral.

**TAYAHIN:**

Iba-iba ang maaring sagot ng mga mag-aaral.

# Sanggunian:


Agarrado. *Alab Filipino 5: Manwal ng guro.* Quezon City: Vibal

Chua, Xiao. “Mga hindi malilimutang lindol sa kasaysayan ng Maynila.” July 16, 2020. shorturl.at/dhETU. Group., 2016.

Gugol. *Bagong Filipino tungo sa globalisasyon 6.* Quezon City.

Symone, Annie. “Babala! Naiwang charger, hinihinalang dahilan ng sunog sa Maynila.” Accessed December 2020. shorturl.at/fCWY5. Vibal Group., 2014.